COVID-19: Mga bagong patakaran para sa sambahayan at nalapitan ng tao na may COVID-19 sa NSW

Kung isa kang miyembro ng sambahayan o nalapitan (close contact) ng tao na may COVID-19 at walang mga sintomas ng COVID-19, hindi mo kailangang ihiwalay ang sarili ngunit dapat mong sundin ang mga patnubay ng NSW Health:

- Huwag bumisita sa mga may panganib na lugar gaya ng mga ospital at pasilidad sa pangangalaga ng may edad
- Magtrabaho o mag-aral sa bahay kung puwede. Kailangan mo ng pag-apruba mula sa iyong taga-empleyo o pasilidad ng edukasyon kung kailangan mong magpunta sa trabaho o paaralan
- Magsuot ng maskara sa loob ng gusali kung ikaw ay mahigit 12 / taong gulang. Hindi ka kailangang magsuot ng maskara sa loob ng sariling bahay
- Iwasan ang mga malalaki o matataong pagtitipon na nasa loob ng gusali na kasama ang mga taong hindi mo kasambahayan. Kung kinakailangan mong dumalo, magsagawa ng isang rapid antigen test bago ka pumunta

Sundin ang mga patakaran ng 7 araw magmula sa huling araw na nagpositibo sa COVID-19 ang isa mong kasambahayan.

Kung mayroon o nagkaroon ka ng mga sintomas, kailangan mong ihiwalay ang sarili at magpasuri ng COVID-19. Sundin ang mga tagubulin ng NSW Health kung ang resulta ng iyong pagsusuri ay positibo.

Kung ang resulta ng iyong pagsusuri ay negatibo, manatili sa bahay hanggang wala ka nang mga sintomas.

Bisitahin ang www.nsw.gov.au/covid-19/management/household-contacts para sa karagdagang impormasyon.

© NSW Health April 2022.